# NORMAL ENCOUNTER

IVAN EMIL LABAYNE

Nakatalik ko minsan ang isang Argentine
Na sikat sa kaniyang rude at rousing aphorisms
after making out.
Nang maka-tatlong round kami, litanya niya after,
"Ano na lang ang naghihintay sa atin,
Kung hindi pagtulog at pagbangon
at pagpasok sa trabaho nang umaampon
ng pagtangis?"

Nangungulangot ko siyang pinakinggan.
Habang kinakausap kami faintly ng ulan
Sa pamamagitan ng butas na kisame.
Tinatangisan niya ba ako after making out?
May binanggit siyang mga 13th month pay na 'di binigay,
Mga kontratang tatapusin na soon,
Mga pamangking buntis na walang pang-ospital,
Girls na nagputa para makapag-aral.

Bigla siyang tumagilid paharap sa akin
At bumulong sa kanan kong tenga:
"Ang kailangan ay mag-aklas!"

Minamanifestohan niya ba 'ko?
Kinakantahan niya ba 'ko ng Alemang
May mahabang balbas?

Sabi ko, No Thanks, kama moves mo lang ang habol ko.
Nagbihis ako at nag-farewell
With all coldness at aloofness.

Noon lang ako nakisiping sa isang medyo may sira.
Almusal naman diyan, banat sa akin ng sikmura.
Bente na lang pala laman ng pitaka ko
At ang baliw, 'di ko pala nasingil ng usapang sanlibo.